

Mga Kwentong Bayan ng Banaue, Ifugao: Ugnayan ng Panitikan at Pag-uugali ng mga Katutubo

Alma C. Binwag
Ifugao State University, Lamut Campus
acbinwag@gmail.com

Publication Date: October 19, 2025

DOI: 10.5281/zenodo.18424882

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pagsusuri sa mga pag-uugaling nakapaloob sa labindalawang kwentong bayan ng Banaue, Ifugao. Layunin ng pananaliksik na matukoy ang mga pag-uugali ng mga katutubo na masasalamatin sa kanilang mga katutubong kwento at maipakita ang ugnayan ng panitikan sa pag-unawa at pagpapanatili ng kulturang Ifugao. Gumamit ang pag-aaral ng in-depth interview at focus group discussion (FGD) sa sampung (10) kalahok mula sa Banaue na may malalim na kaalaman sa mga kwento. Sinuri ang mga datos gamit ang thematic analysis model nina Braun at Clarke (2006). Ayon

sa mga resulta, natukoy ang limang pangunahing pag-uugali sa mga kwentong bayan: pagiging mapagmahal, pagiging masunurin, pagiging matiisin, pagiging mapaghiganti, at pagiging mapanlamang. Ang mga temang ito ay nagpapakita kung paano sumasalamatin ang panitikan sa mga pagpapahalaga, hamon, at karanasan ng mga taga-Ifugao, at kung paano ito nagsisilbing instrumento sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng kanilang kultura. Inirerekomenda ang pagpapahalaga at paggamit ng mga katutubong kwento bilang bahagi ng edukasyon at kultural na pagpapanumbalik.

Keywords: *kwentong bayan, Banaue, Ifugao, pag-uugali ng katutubo, panitikang katutubo, pagiging mapagmahal, pagiging masunurin, pagiging matiisin, pagiging mapaghiganti, pagiging mapanlamang, tematikong pagsusuri*

INTRODUKSYON

Ang panitikan ay isang mahalagang aspeto ng kultura na naglalarawan ng mga pag-uugali, kaisipan, damdamin, karanasan, hangarin, at diwa ng mga tao. Isa sa mga uri nito ang kwentong bayan, kung saan ang mga salaysay ay madalas hinggil sa likhang-isip at mga tauhang kumakatawan sa iba't ibang uri ng mamamayan mula sa isang partikular na pook o rehiyon (Constantino, 2012). Sa ganitong paraan, naipapahayag ng panitikan ang pagkakakilanlan ng isang komunidad at ang kanilang pananaw sa mundo.

Sa konteksto ng Pilipinas, mayaman ang bansa sa panitikan na sumasalamatin sa kultura ng bawat grupong etniko. Ang mga tanyag na akdang tulad ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ay nagmulat sa kaisipan ng mga Pilipino laban sa mapanupil na pananakop (Agung, 2017). Gayundin, ang Ifugao ay kilala

sa kanilang mayamang panitikang katutubo, kabilang ang mga epikong *Hudhud* at *Alim*, pati na ang iba't ibang kwentong bayan, bugtong, at awit na puno ng aral at tradisyon (Manuel, 1985).

Maraming katutubong kultura, ang mga kwento at kawikaan ay naging mabisang daluyan ng magandang asal at kaalaman na nagmumula sa ating mga ninuno (Sibayan, 1999). Sa pamamagitan ng pakikinig sa mga kwento, ang mga bata ay napapanday sa tamang asal, samantalang nagkakaroon din ng mas malapit na ugnayan ang mga nakatatanda at kabataan. Subalit, binanggit ni Augila (2017) na sa modernong panahon, hindi na binibigyang-pansin ang mga katutubong kwento, lalo na ng kabataan. Sa pag-usbong ng teknolohiya, maraming kwento ang naisantabi o namodipika, nawawala ang kanilang orihinal na anyo at layunin.

Binibigyang-diin nina Aguila (2017) at Rubio (2019) ang kahalagahan ng pagsusuri at pagpapalaganap ng interes sa mga katutubong panitikan, partikular ang mga kwentong bayan, upang mapanatili ang kulturang nakapaloob dito. Ayon naman kina Eder at Holyan (2010), ang mga kwentong bayan ay nagsisilbing salamin ng buhay, kultura, at pamumuhay ng isang tiyak na lugar at panahon. Sa ganitong paraan, nailalahad ang mga tradisyon, uri ng hanapbuhay, at pakikipag-ugnayan sa kapwa-tao, na siyang mahalagang aspeto ng panitikang katutubo (Del Mundo, 2006; Nolasco, 2008).

Samantala, binigyang-pansin din nina Gregson (2009) at Browne (2021) na ang pag-aaral sa kultura sa pamamagitan ng panitikan ay nakatutulong hindi lamang sa pang-unawa ng mga tradisyon at pag-uugali ng isang grupo, kundi pati na rin sa pang-ekonomiyang kaunlaran (Molintas, 2010). Sa kanilang pananaliksik, binigyang-diin ang pangangalaga ng panitikang katutubo, na may kaugnayan sa pagpapalaganap ng kaalaman sa kultura at sa mas malalim na pag-unawa sa kasaysayan at pagkakakilanlan ng isang lugar (Salazar, 1999; Maceda, 2013).

Dagdag pa rito, sinabi nina Southwell (2021) at Strachan at Winkel (2020) na ang pangongolekta at pagsusuri ng mga kwento, lalo na ng panitikang pambata, ay mahalaga sa pagtuturo ng mga tamang pagpapahalaga sa kabataan (Villanueva, 2014). Sa ganitong paraan, maipapasa sa susunod na henerasyon ang mayamang tradisyon ng kanilang mga ninuno. Samantala, binigyang-diin naman nina Talbot (2022) at Nygaard (2022) ang krisis na nararanasan sa ilang bahagi ng mundo sa pag-aaral ng panitikan, partikular na ang kakulangan sa kaalaman sa katutubong kwento. Tinukoy nila na ang ganitong sitwasyon ay maaaring magresulta sa unti-unting pagkawala ng mahalagang bahagi ng kultura (Fajardo, 2007; Ybañez & Gaite, 2011).

Sa mga nailahad na pag-aaral, malinaw na ang mga katutubong kwento ay mahalagang mapanatili, masuri, at maisabuhay dahil nagtataglay ang mga ito ng aral at kaugnay na pagkakakilanlan ng isang grupo ng tao (Torres-Yu, 2015). Gayunpaman, limitado ang mga pananaliksik na nakatuon sa mga katutubong kwento ng Banaue, Ifugao, lalo na sa pagtukoy ng mga pag-uugali ng mga tao sa lugar na ito. Ang kasalukuyang kalagayang ito ay nag-iwan ng malaking puwang (gap) sa larangan ng pananaliksik sa panitikang katutubo (Jocano, 2005; Dacudao, 2021).

Bilang tugon, layunin ng pananaliksik na ito na magsagawa ng tamang pagsasakatuparan ng dokumentasyon sa mga piling kwento ng Ifugao. Layunin nitong tukuyin ang mga pag-uugaling nakapaloob sa labindalawang kwentong bayan ng Banaue, Ifugao upang maipakita ang ambag ng panitikan sa pang-unawa at pagpapanatili ng kulturang Ifugao. Ang sentral na tanong na sinisikap sagutin ng pananaliksik ay: “Ano-ano ang mga pag-uugali ng mga katutubo sa Banaue, Ifugao na nakapaloob sa kanilang mga kwento?”

Ang ganitong pagsusuri ay mahalaga upang higit pang maunawaan at mapanatili ang kultura ng Ifugao. Tulad ng binanggit nina Ching at Santiago (2019), ang pagsasalin at pagsasapelikula ng mga kwentong katutubo ay mahalaga upang mapanatili ang kaugnayan nito sa kasalukuyang henerasyon, lalo na sa gitna ng makabagong teknolohiya (Bacwaden, 2006; Panela, 2018).

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang maitatampok ang mga positibong pag-uugali na dapat patuloy na linangin at ang mga negatibong pag-uugali na nararapat na baguhin. Bukod dito, layunin din nitong magbigay-inspirasyon sa mga kabataan na muling balikan at pahalagahan ang mga aral at tradisyong dala ng panitikang katutubo.

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na gumamit ng in-depth interview at focus group discussion (FGD) bilang pangunahing pamamaraan ng pangangalap ng datos.

Ang mga katutubong kwento na ginamit sa pananaliksik ay mula sa labindalawang (12) naisadokumentong kwento na nagmula sa piling lugar ng Banaue, Ifugao. Ang mga kwentong ito ay nagsilbing batayan sa pagsusuri ng mga pag-uugali ng mga taga-Ifugao.

Ang mga kalahok sa panayam at FGD ay binubuo ng sampung (10) taga-Banaue, Ifugao, na may malalim na kaalaman sa mga katutubong kwento at sa mga mensaheng nakapaloob dito. Ang mga kalahok ay nahati sa dalawang pangkat para sa pagsasagawa ng FGD. Ang paghahati ay isinagawa dahil sa distansya ng tirahan ng mga kalahok at ang kahirapan sa pagpunta sa lugar na itinakda para sa talakayan.

Sa pagsusuri ng mga datos, ginamit ang *thematic analysis model* nina Braun at Clarke (2006). Layunin ng modelong ito na matukoy ang mga patern na makatutulong sa pagkilala ng mga pag-uugali ng mga taga-Ifugao na nakapaloob sa kanilang mga katutubong kwento. Ang sumusunod na hakbang ay isinagawa sa proseso ng pagsusuri: 1) Pagiging pamilyar sa mga datos – Ang mga naitalang datos ay paulit-ulit na binasa upang maunawaan ang nilalaman; 2) Pagkuha ng inisyal na code – Ang mahahalagang bahagi ng datos ay kinilala at nilagyan ng kaukulang *code*; 3) Paghahanap ng tema – Ang mga *code* ay pinagsama-sama upang makabuo ng mga temang naglalarawan ng mga patern sa datos; 4) Pagbalik-aralan ang tema – Ang mga tema ay muling sinuri upang tiyakin ang kaugnayan nito sa mga datos at sa layunin ng pag-aaral; 5) Pag-define sa tema – Ang bawat tema ay binigyang-kahulugan upang maipaliwanag ang kaugnayan nito sa mga datos; 6) Pagsulat – Ang mga natukoy na tema ay inorganisa at isinulat upang masagot ang pangunahing tanong ng pananaliksik.

Ang prosesong ito ay nagresulta sa pagbuo ng limang pangunahing tema na sumasalamain sa mga pag-uugali ng mga taga-Ifugao na nakapaloob sa kanilang mga katutubong kwento. Ang mga temang ito ay nagbigay ng malinaw na sagot sa sentral na tanong ng pananaliksik.

RESULTA AT TALAKAY

Bilang resulta ng ginawang pag-analisa sa nilalaman, ang mga paksa ng labindalawang (12) kwentong bayan ay naihanay sa tema ng pagiging mapagmahal, pagiging masunurin, pagiging matiisin,

pagiging mapaghighanti, pagiging mapanlamang. Makikita sa talahanayan ang mga kwento at ang lumabas na tema ng bawat isa.

Pamagat ng Kwento	Tema
Limang Sentimos at Sampung Sentimos	Pagiging Matiisin
Si Inhabyan sa Chatar	Pagiging Mapagmahal
Bunae	Pagiging Masunurin
Ang Mag-ina	Pagiging Mapagmahal
Noong Unang Panahon sa Banaue	Pagiging Mapaghighanti
Vukvukkon	Pagiging Masunurin
Si Mangayyucheng at si Bugan	Pagiging Mapagmahal
Ang Maliit na Daga at si Inhabyan	Pagiging Mapagmahal
Linglingu at si Valvalittu	Pagiging Mapanlamang
Si Chonggan sa Varkawon	Pagiging Mapagmahal
Si Dulnuan sa Gohandan	Pagiging Mapagmahal
Uwao	Pagiging Mapanlamang

Pagiging Mapagmahal

Anim sa labindalawang (12) kwentong bayan ang may temang pagmamahal. Ang kwentong bayan na pinamagatang “Ang Mag-ina” ay nagsasalaysay ng pagmamahalan ng isang ina at ng kanyang anak na si Piloh. Makikita naman sa kwento ang pagmamahalan nina Intugay at Piloh samantalang may isang babae na nagmamahal din kay Piloh na nagngangalang Karengngay. Nanaig ang pagmamahalan nina Piloh at Intugay. Nailahad sa ilang bahagi ng pahayag... *ang ina ay naglalabada para may maipakain sa maliit na anak na nagngangalang Piloh.* Makikita rin naman ang pagmamahalan nina Piloh at Intugay sa pahayag na ... *si Piloh ay mahal niya si Intugay na isa sa anak ng higante.* Dagdag pa sa pahayag na ... *ipinakilala ni Intugay si Piloh sa kanyang ama at sinabing sila ay nagmamahalan.* Nagdalawang-isip ang kanyang ama at sinabing mukhang mahirap pero ipinagtanggol ni Intugay ang kanilang pagmamahalan. Sa kabilang dako, makikita rin sa pahayag na ... *si Karengngay ay nagkagusto kay Piloh at gustong ipapatay si Intugay para maangkin niya si Piloh pero hindi natuloy dahil sinabi ng aso ni Piloh kay Intugay na hindi niya ipagpatuloy ang pagpunta sa kanyang pupuntahan dahil may masamang balak si Karengngay na siya namang sinunod ni Intugay at dumaan sa ibang ruta.*

Sa kwentong bayan na pinamagatang “Si Mangayyucheng at si Bugan”, makikita rin sa pahayag ang pagmamahal ni Bugan sa kanyang magulang. Makikita sa pahayag na ... *kinuha ng isang ibong nagngangalang Mangayyucheng si Bugan at kanyang inilipad at inihulog sa tapat ng libingan ng kanyang lolo.* Nabigla ang kanyang lolo at tinanong si Bugan kung bakit siya napadpad sa lugar na iyon na kanya namang sinabing siya ay biglang kinuha ng ibon. *Sa tapat ng libingan ng kanyang lolo ay tanaw na tanaw ang kanilang palayan.* Sinabi ng kanyang lolo na magluto ng pananghalian para kanyang dadalhin sa kanyang mga magulang na nagtratabaho sa kanilang palayan na kanya namang sinunod. *Pagkahuto, si Bugan ay naghanda para dalhin ang pananghaliang baon ng kanyang mga magulang na kanilang ikinabigla pero nang lumaon ay kanilang ikinatuwa dahil nakita na nila ang kanilang anak at anila na itong maakasama.*

Sa akda namang “Ang maliit na Daga sa Inyuvahen”, makikita rin ang pahayag na... *sinundan ni Bugan ang dinaanan ng inaakala niyang kumain sa anyang mga pananim hanggang sa nakarating siya sa lugar na Inyuvahen. Ang kanyang nakita ay mga baboy at isang maliit na daga na may mahika na pwedeng magpanggap na daga pero isa itong matipunong lalaki. Sila ay nagkita kay Bugan at tuluyang nagkapanatagan ng loob na humantong sa pagliligawan na nauwi sa pag-aasawa. Nag-aalala ang ama ni Bugan dahil matagal na hindi umuwi sa kanilang bahay. Naisipan niyang magpapiyesta (Imvayah) na nakarating sa kaalaman nina Bugan. Nagpasya silang umuwi para makadalo sa naturang pagtitipon. Sa tarangkahan ng kanilang bahay, nagpanggap na namang daga ang kanyang asawa na nauwi sa panunukso pero nang tugtugin nila ang gong ay bigla siyang pumagitna at siya ay naging isang matipunong lalaki na maaganda ang pagsayaw lalo noong kanyang ilatag ang kanyang kamay na parang isang isang lumilipad na agila na ikinamangha ng mga tao. Sa kabila ng kanyang ipinakita ay nag-aalangan pa rin ang ama ni Bugan sa kalagayan ng asawa ng kanyang anak. Ipinagtanggol naman ni Bugan ang kanilang pagmamahalan. Pagkatapos ng piyesta ay inimbitahan nina Bugan ang kanyang magulang para makapasyal din naman sila sa kanilang lugar. Sila ay namangha at natuwa nang malamang ang napangasawa ni Bugan ay isa sa napakayaman sa kanilang lugar.*

Sa “Chonggan at Varkawon” naman ay makikita ang pagmamahal ng isang ama sa kanyang anak sa kamay ng isang higanteng nagngangalang Chonggan. Nabanggit sa pahayag na ... *sa kalagitnaan ng kainan ni Chonggan ay lumabas ang kanyang ama at kanyang itong tinadtad ng itak na sanhi ng kanyang kamatayan. Ang kanyang anakay ligtas na sa kapahamakan.*

Sa “Dulnuan sa Gohandan” naman ay tungkol sa pagmamahalan nina Bugan at Dulnuan. Nailahad sa pahayag na ... *pumasok sa loob ng bahay ang isang daga at hinawakan ni Dulnuan kasi alam niya na isa itong marikit na dalaga na nagpapanggap lang na daga. Lumalim ang kanilang pag-iibigan na humantong sa kanilang pagmamahalan at tuluyang naging mag-asawa at magkatuwang sa lahat ng mga gawain maging ang gawaing bukid.*

Sa kwentong bayan na “Si Inhabyan sa Chatar” ay makikita rin ang pagmamahal ni Inhabyan na naging isang bagyo sa kanyang pamilya. Nabanggit sa pahayag na... *kung may bagyo, lagyan ninyo ng marka (puchung) ang bahay natin para hindi daanan ng kasama kong bagyo maging ang ating palayan*

Ayon kay Campbell (2017), ang pagmamahal ay isang mahalagang aspeto ng panitikan dahil nagbibigay ito ng kahulugan at direksyon sa mga karakter, nagiging dahilan ng kanilang sakripisyo, at nagtataguyod ng koneksyon sa pagitan ng mambabasa at tauhan. Ang pagmamahal din ay nakikita bilang pundasyon ng pagkatao, ayon kay Fromm (1956), na nagsasabing ang kakayahang magmahal ay isang pangunahing anyo ng produktibong pamumuhay.

Pagiging Masunurin

Sa akdang “Bunae” makikita ang pagiging masunurin ng batang nagngangalang Bunae. Noon ay ayaw niyang ipakita ang kanyang kuto pero ng lumaon ay ipinapatanggal na niya ang mga ito. Makikita sa pahayag na ... *mula noong dinala ng mga kuto si Bunae sa ilog para paliguan, nabawasan na ang kanyang kuto. Ang pagdala ng mga kuto kay Bunae sa ilog ay isang panaginip. Kinabukasan pagkagising niya, sununod-sunuran na siya nang sabihin ng kanyang nanay na tanggalin niya ang kanyang kuto.*

Sa akdang “Vukvukkon”, makikita ang pagiging masunurin ng isang batang nangngangalang Vukvukkon. Sa kagustuhang matulungan ang kanyang ina dahil sa namatay na ang kanyang ama, lahat ng trabaho ay kinakaya niya sa abot ng kanyang makakaya sa kanyang murang edad. Makikita ang pahayag na... *sinabi ng kanyang ina na pupunta sila sa kanilang kaingin. Nang makarating sila sa kanilang kaingin, napansin nila na marami ang nakain sa kanilang pananim. Sinabi ng kanyang ina na gagawa siya ng bitag para mahuli ang mga kumakain sa kanilang pananim na agad namang tumalima ang bata.*

Binanggit nina Deloria at Wildcat (2001) na ang pagsunod sa tradisyonal na kaalaman ay mahalaga upang mapanatili ang harmoniya sa loob ng isang komunidad. Ang ganitong paggalang at pagsunod ay nagbibigay ng maayos na transisyon ng kaalaman mula sa isang henerasyon patungo sa susunod.

Pagiging Matiisin

Sa akdang “Sina Limang Sentimo at Sampung Sentimo” ay makikita ang kanilang pagiging matiisin lalo na kay Limang Sentimo. Nabanggit sa pahayag na... *Si Limang Sentimos ay natatae, naihi at nauutot pero kanyang tiniis maliban sa pag-utot na hindi niya mapigilan at siya ay umutot ng napakalakas na dahilan ng pagkatakot ng mga magnanakaw at sila ay kumaripas ng takbo. Kanilang iniwan ang kanilang inakaw na mga pera at ginto sa pag-aakalang ang pumutok ay isang bomba. Nang masiguro ng magkaibigan na wala na ang magnanakaw sa puno ng kahoy na kung saan sila umakyat, sila ay bumaba at kanilang kinuha ang mga pera at ginto at sila ay umuwi ng masaya.*

Ayon kay Banez (2018), ang pagtitiyaga o resiliency ay isang mahalagang aspeto ng kulturang Pilipino, lalo na sa mga probinsya, kung saan ang mga tao ay sanay sa mga hamon ng kalikasan at kahirapan. Idinagdag pa ni Luthar et al. (2000) na ang kakayahang magtiis at magtiyaga ay isang mahalagang salik sa pagkakaroon ng mas matatag na personalidad at tagumpay sa buhay.

Pagiging Mapaghiganti

Sa kwentong bayan na “Noong Unang Panahon sa Banaue” mailalahad ang isang mag-ina na pumunta sa Hinaripan para kumuha ng kamote para mayroon silang makakain pero nang sila ay umuwi ay nilagyan ng mga tao sa lugar na iyon ng bato na dinala ng mag-ina sa kanilang lugar sa pag-aakalang ang lahat ng kanilang dala ay kamote. Nakita ng asawang lalaki ang laman ng sako ng kanyang mag-ina at hindi niya ito nagustuhan. Makikita ang kanyang paghihigante sa nabanggit na pahayag... *kinuha ng lalaki ang kanyang itak at pumunta sa bundok ng Ginaygayyang na tapat ng bundok ng Hinaripan na kung saan kumuha ang mag-ina ng kamote. Araw at gabi, ang lalaki ay nagbabaki at sinasabing sana ang bundok ng Hinaripan para mamatay ang mga tao doon. Ganoon nga ang nangyari pero bago ang pagguho, pumunta ang isang ibon sa lugar iyon at sinasabi sa mga tao na kanilang lisanin ang lugar na hindi nila ginawa bagkus kanila iton pinagtawanan.*

Ayon kina McCullough et al. (2001), ang paghihiganti ay nag-ugat mula sa mga emosyon ng galit at pagkabigo na nagdadala ng pansamantalang ginhawa sa taong gumagawa nito. Gayunpaman, ito ay madalas nagreresulta sa mas komplikadong problema at mga negatibong epekto sa lipunan.

Pagiging Mapanlamang

Makikita sa kwentong bayan na pinamagatang “Linglingu at Valvalittu” ang pagiging mapanlamang dahil sa kagustuhang maging mayaman ni Linglingu dahil siya ay mahirap sa kanilang

magkaibigan. Dahil sa kanyang mapanlinlang, siya ay nagtagumpay na yumaman. Makikita sa pahayag na...*nang puntahan ni Linglingu si Valvalittu para kunin ang kanyang lagayan ng bigas ay sinagot ni Valvalittu na wala kasi kanya itong sinira dahil wala namang laman ang bigas na nailagay sa loob. Kanyang tinanong kung saan na ang ibang ahagi nito para gawin niyang tungkod. Sinabihan niya ang tungkod na tatambay lang sa tabi para kung kukunin siya at pagsasampayam, ililipad niya ang magagarang kumot para mayroon siyang gagamitin. Nang makita ni Valvalittu ay nagustuhan niya ang kumot ni Linglingu. Sinabi niya na kanya itong hiramín baka sakaling magkakaroon din siya ng magarang kumot. Bago ipahiram ni Linglingu, sinabihan niya ang tungkod na ang pangmahirap na kumot ang kanyang ilipad at iyon ang kanyang dadalhin kay Valvalittu na ikinagalit naman ng huli. May iba pang pangyayari ng panlalamang na nabanggit sa kwento maliban sa nasa itaas. Ang pinakahuli ay yung bareta na tuwing ibubungkal sa lupa ay magkakaroon ng ginto na hindi na pinahiram ni Linglingu kay Valvalittu kaya si Linglingu na ang naging mayaman.*

Itong “Uwao” ay tungkol sa isang bata na nagngangalang Uwao na kanyang nilinlang ang matanda sa kagustuhang maging mayaman kasi ang matandang babae ay mayaman samantalang si Uwao ay mahirap. Makikita sa pahayag na...*nakita ng matanda si Uwao at tinanong kung ano ang kanyang ginagawa at sinagot naman ng bata na binabantayan niya ang sinturon ng kanyang lolo. Humingi naman ng sinturon itong matanda pero ang sinturon ay naging ahas na pumulupot sa kanya. Hindi namalayan ay natanggal ang pagkapulupot ng ahas sa kanyang katawan na sanhi ng matinding sakit na kanyang dinanas. Ang pinakamasaklap ay ang pagtulak ng bata sa matanda na sanhi ng kanyang kamatayan. Pumunta si Uwao sa bahay ng matanda at kinuha niya ang kanyang mga pera at ginto. Mula noon, siya na ang mayaman sa kanilang lugar.*

Ayon kay Greene at Haidt (2002), ang pagiging mapanlamang ay nag-uugat sa self-serving bias, kung saan ang mga indibidwal ay inuuna ang kanilang pansariling kapakanan sa halip na isaalang-alang ang epekto nito sa iba. Idinagdag pa nina Rest et al. (1999) na ang mga ganitong uri ng pag-uugali ay maaaring mabago sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa moral na edukasyon, kung saan natututuhan ng mga tao ang mas mataas na antas ng empatiya at etika.

MGA SANGGUNIAN

Aguila, J. E. (2017). *Mga Piling Kwentong Bayan: Pananaliksik at Pagsusuri*. UP Press.

Agung, B. A. (2017). *Pagtingin sa Panitikang Filipino Bilang Kasaysayan*. University of Santo Tomas Publishing House.


Bacwaden, R. (2006). *The Indigenous Worldview of the Ifugaos*. Cordillera Studies Center.

Banez, R. A. (2018). *Resiliency in Philippine rural communities: A qualitative analysis* (Unpublished master's thesis). University of the Philippines Diliman, Quezon City, Philippines.

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77–101. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp0630a> Browne, A. (2021). *Literature and Local Knowledge: Teaching Culture through Oral Narratives*. Routledge.



- Ching, J. M., & Santiago, F. B. (2019). *Revitalizing Folklore through Film and Literature in the Philippines*. *Journal of Asian Cultural Studies*, 13(2), 105–120.
- Constantino, R. (2012). *The Filipinos' Nationalist Literature*. Karrel Publishing.
- Dacudao, R. P. (2021). *Panitikang Katutubo sa Panahon ng Globalisasyon*. Ateneo de Davao University Press.
- Del Mundo, C. (2006). *Ang Panitikan ng Pilipinas*. Rex Bookstore.
- Deloria, V., & Wildcat, D. R. (2001). *Power and place: Indian education in America*. Fulcrum Publishing.
- Eder, J., & Holyan, M. (2010). *Narratives of Identity: Indigenous Stories in Southeast Asia*. *Asia Pacific Journal of Anthropology*, 11(1), 55–76.
- Fajardo, A. (2007). *Pagpapahalaga sa Kulturang Katutubo: Isang Panimulang Pag-aaral*. PSSC Journal.
- Fromm, E. (1956). *The art of loving*. Harper & Row.
- Greene, J., & Haidt, J. (2002). How (and where) does moral judgment work? *Trends in Cognitive Sciences*. Retrieved from <https://www.trendsincognitivesciences.com>
- Gregson, J. A. (2009). *Cultural Memory and Narrative in Community Development*. *Community Development Journal*, 44(4), 429–442.
- Jocano, F. L. (2005). *Filipino Prehistory: Rediscovering Precolonial Heritage*. Punlad Research House.
- McCullough, M. E., Bellah, C. G., Kilpatrick, S. D., & Johnson, J. L. (2001). *Forgiveness: Theory, research, and practice*. Guilford Press.
- Maceda, J. (2013). *Gongs and Bamboo: A Panorama of Philippine Music Instruments*. UP Center for Ethnomusicology.
- Manuel, E. A. (1985). *Philippine Folklore and Literature: A Chronological Survey and Annotations*. UST Publishing House.
- Molintas, J. (2010). *Protecting Indigenous Cultural Communities through Law and Culture*. *Indigenous Policy Journal*, 21(1), 43–55.
- Nolasco, R. M. (2008). *Language and Culture in the Philippines: Issues and Prospects*. Komisyon sa Wikang Filipino.
- Nygaard, L. (2022). *Endangered Traditions: A Global Perspective on Folk Literature*. *Journal of Folklore Research*, 59(1), 45–67.



- Panela, S. (2018). *Reviving Ifugao Culture Through Digital Documentation*. Philippine Social Science Review, 70(1), 89–102.
- Rubio, R. (2019). *Pag-aaral sa Katutubong Panitikan: Isang Panimulang Pagsusuri*. Agham Panlipunan, 21(1), 33–45.
- Salazar, Z. (1999). *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan*. Palimbagan ng Lahi.
- Sibayan, B. P. (1999). *The Intellectualization of Filipino*. Linguistic Society of the Philippines.
- Southwell, M. (2021). *Folk Narratives and Moral Development in Children*. Journal of Literary Studies, 28(3), 210–228.
- Strachan, S., & Winkel, C. (2020). *Children's Literature as Cultural Transmission*. Cultural Pedagogy Journal, 8(2), 102–117.
- Talbot, M. (2022). *Losing the Thread: Oral Tradition and Cultural Erosion*. Ethnographic Perspectives, 17(1), 14–31.
- Torres-Yu, R. (2015). *Wika, Panitikan at Kultura*. Sentro ng Wikang Filipino.
- Villanueva, M. (2014). *Panitikang Pambata at Ang Pagsasalin ng Kulturang Pilipino*. Philippine Humanities Review, 16(2), 121–137.
- Ybañez, R., & Gaite, R. (2011). *Mga Kwentong Bayan Bilang Midyum ng Pagpapahalaga*. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 17(2), 65–78.